**WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**
**Aralin 34**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 34** |
| --- |
| Theme: Mga Bayani Sa Aking Paligid - " Si Aling Meldy Sekyu"" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Si Aling Meldy Sekyu**

**WRITING PROMPT LESSON 34**

---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________! Sa araw na ito ating kikilalanin ang huli nating bayani! Tayo'y magbasa at alamin ang kanyang kwento.

**II.Writing Prompt of the Day**
Tuwing sisilip ka sa labas tuwing umaga, nakikita mo si Aling Meldy na isang security guard sa grocery ilang barangay mula sa inyong barangay. Naglalakad siya patungo sa kaniyang trabaho ng ala-sais ng umaga at uuwi rin ng ala-sais ng gabi.

Nakikita mo sa balita na ang mga tulad ni Aling Meldy ay kailangan pa ring pumasok dahil bukas rin ang mga grocery sa inyong pamayanan. Naririnig mo rin sa iyong nanay na halos buong araw nakatayo si Aling Meldy upang kumuha ng temperatura ng mga taong papasok sa grocery.

Para sa iyo, isang bayani ba si Aling Meldy?

•Bago mo nalaman ang kwento ni Aling Meldy, pumasok ba sa iyong isipan na ang mga tulad ni Aling Meldy ay bayani rin? Bakit oo? Bakit hindi?
•Matapos marinig ang kwento ni Mang Andoy, siya ba ay isang bayani?
•Bakit mahalaga ang tulad ni Aling Meldy sa ating komunidad?
•Ano ang maaaring mangyari kung wala ang mga tulad ni Aling Meldy sa ating komunidad?

**III.Teacher's Message**
Ating kilalanin at alamin ang kwento ng mga bayani sa ating paligid sa pamamagitan ng pagsagot sa ating mga katanungan. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong saloobin pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."